**VISIT OUR OFFICIAL WEBSITE:**
www.ilovebongabon.com

**LIKE OUR FACEBOOK PAGE:**
www.facebook.com/ilovebongabon
www.facebook.com/bongabontoday

# Ang Sama-Sama Nating Ginawa




# Accomplishment Report

## [2004-2012]

BONGABON NUEVA ECIJA
SAGISAG

AAG
Aksyon... Asenso..Ginhawa!

*Ang Inyong Pagtitiwala*
*Ay hinding-Hindi Ipinagwalang Bahala.*

**Ang Sukli:**
Mabuting Pamumuno at Pamamahala sa
Ating Pamahalaang Lokal
(Good Local Governance)

**B**ongabon
**E**xpress asenso
**T**ungo sa
**H**igit na pag-unlad

## 2010 Plataporma de Gobyerno

A – gapay sa kabuhayan
S – estimatikong pamamahala
E – dukasyon para sa lahat
N – akahahalinang kapaligiran
S – apat na pagkain sa tahanan at wastong nutrisyon
O – rganisadong kaunlarang pang-inprastraktura

BONGABON

# Aksyon... Asenso... Ginhawa...

**Mabilis at matuwid na pagbibigay ng AKSYON sa lahat ng ating mga pangangailangan.**

**Panatilihin natin ito at pagyamanin para sa tuloy-tuloy na ASENSO upang ating ang makamtan ang ating pangarap na bawat mamamayan ay makalasap ng GINHAWA...**



# Aksyon... Asenso... Ginhawa...

Sa kasalukuyan ang Pamahalaang Bayan ay patuloy na nakikipag-ugnayan sa mga nasyunal na ahensiya at iba pang organisasyon para patuloy na maisakatupaan ang mga programa at proyekto ni Mayor Beth Gamilla para sa higit na pag-unlad ng Bayan ng Bongabon, sa ngayon ay patuloy ang pagkokongkreto ng daan paakyat ng Labi na dudoktong sa Probinsiya ng Aurora, isasagawa din ang pagsasaayos ng Farm to Market Road sa Barangay Kaingin at Palomaria, konstraksyon ng dike sa Barangay Pesa, overflow dam sa Barangay Vega, ang small water impounding project sa Nanduran at ang pagpapatuloy sa hinaharap ng proyektong Hydro Electric Power Project sa Barangay Calaanan.

Naniniwala si Mayor Beth na ang mga programa at proyektong kanyang maiiwan sa pagtatapos ng kanyang termino ay maipagpapatuloy sa pamamagitan ng tao, at mga katuwang nitong magllingkod sa bayan, na may tunay na pagmamalasakit sa kapwa at taos puso na maglilingkod ng tapat sa bayan, hindi sa salita lamang kundi sa pamamagitan ng matuwid na pag- **Aksyon** para sa patuloy na pag-**Asenso** ng bayang Bongabon at sa pag-**Ginhawa** ng bawat mamamayan, gaya ng subok nang panunungkulan ng mga Gamilla sa mahabang panahon mula kina Mayor Sixto , Mayor Jimmy at sa tatlong termino ni **Mayor Beth Gamilla.**

# Ang Hangad Nating Larangang Pangkaunlaran

- > Kaunlarang Pangpamahalang Lokal (*Good Local Governance*)
- > Kaunlarang Pangkabuhayan (*Economic Development*)
- > Kaunlarang Panlipunan at Kultura (*Socio-Cultural Development*)
- > Kaunlarang Pang-Inprastraktura (*Physical Infrastructure & Utilities Development*)

***KAYA NAKAMIT NATIN ANG***

## 2011 DILG Seal of Good Housekeeping








***Seal of Good Housekeeping -*** This is a project which recognizes LGU's with good performance in internal housekeeping, particularly in the areas of local legislation, development planning, resource generation, resource allocation and utilization, customer service, and human resource management and development, as well as, in valuing the fundamental of good governance.


The Seal advances the primacy of performance, accountability, transparency and participation. In the 2011 implementation, assessment focused on sound financial management measured through the absence of an adverse or a disclaimer COA opinion on local; financial transaction and on transparency and accountability measured through the observance of the Full Disclosure Policy.

# Mabuting Pamamahalang Lokal
## (Good Local Governance)

### Pagtaas ng Local Revenue mula 2004 hanggang 2012




### Pagtaas ng Internal Revenue Allotment (IRA) mula 2004-2012




# Sa Larangan ng Kaunlarang Pang-Inprastraktura
## (Physical/Infrastructure & Utilities Development)

***Iba pang Proyekto Pang-Inprastrakturang naisakatuparan;***

Diversion of Waterways at Digmala River Control
Construction of Spur Dike – Barangay Palomaria
Repair and Rehabilitation of Pampanga River
Upgrading/Concreting of Sitio Dilalam Farm to Market Road
Improvement of Basketball Court – Bongabon Town Plaza
Construction of 20 units Small Farm Reservoir
Repair/ Improvement of Digmala River Control (Ariendo Section)
Construction/Repair of Barangay Vega Bridge at Labi Bridge
Purchased of 1 unit of Wheel Loader
Rehabilitation/ Repair of Perimeter Fence grill and gates, Municipal Hall
Repair and Improvement of Digmala River
Repair and Expansion of Public Comfort Room at Bongabon Public Market

Sa ilalim ng pamumuno ni Mayor Beth Gamilla binigyan niya ng pagpapahalaga ang ating mga kababayang magsasaka, sa pondo ng lokal ng pamahalaan at sa tulong ng Department of Agriculture, naisaayos ang mga *Farm to Market Roads* sa iba't ibang barangay sa bayan ng Bongabon upang maayos at mabilis na naidadala sa kabayanan o nailuluwas ang kanilang mga produktong paninda. Dagdag pa dito ang pagsasagawa ng mga *small farm reservoir* para sa patubig sa mga kabukiran ng ating mga magsasaka at ang pagtatayo ng walong *onion hanger facilities* sa iba't ibang barangay para makatulong sa pag iwas sa pagkabulok sa mga ani ng ating mga kababayang magsisibuyas at mag-gugulay.

Prinayoridad din ni Mayor Beth sa kanyang termino ang mga pangangailangan ng ating mga kabataan sa kanilang mga paaralan na kung saan ay naglalaan ng pondo ang Pamahalaang Bayan para sa pagbili ng materyales sa paaralan na may kakulangan ng silid-aralan o iba pang pagawain, dagdag pa dito ang mga mini-gym na naipagawa sa iba't ibang paaralan na makakatulong sa mga mag-aral sa kanilang iba't ibang aktibidad at programa sa kanilang paaralan.




***Ilan sa mga gusaling paTUNAY ng pag-ASENSO ng Bayan ng BONGABON***

# Sa Larangan ng Kaunlarang Pang-Inprastraktura
## (Physical/Infrastracture & Utilities Development)

Sa pagkapanalo ni Mayor Amelia A. Gamilla bilang Punong Bayan noong 2004, ipinagpatuloy niya ang mga hangarin ng namayapang Mayor Jaime L. Gamilla sa mga proyektong pagawaing pambayan para sa ikaaayos at ikagaganda ng bayan ng Bongabon at sa kapakinabangan ng mga mamamayan nito .

Ang mga pagawaing pambayan na mag-aangat sa katayuan ng ating bayan, magbibigay tulong sa hanap buhay ng mga kababayan at ang kaayusan ng buong bayan upang mapasyalan at makilala sa buong bansa.

Hindi binigo ni Mayor Beth ang kanyang asawang Mayor Jimmy sa kanyang mga hangaring gawin sa ating bayan noong nabubuhay pa siya. Taong 2005 nang mayari ang Bahay Pamahalaan ng Bongabon sa Barangay Sinipit at taong 2010 nang maipagawa ang bagong Pamilihang Bayan na kung saan ginawaran ng Pamahaalang Panlalawigan bilang isa sa Pinakamaringal na Pamilihang Bayan sa lalawigan nitong 2012.

Ang mga pagawain na ito, na naisakatuparan sa panahon ng panunungkulan ni Mayor Beth ang siyang nagsisilbing bantayog ng kaunlaran ng bayan ng Bongabon. Kaloob sa termino ni Mayor Beth ang naisakatuparang pagawaing bayan para sa kapakinabangan ng bawat mamamayan, maging sa mga kababayan magsasaka, kabataan , katandaan at para sa ikauunlad at ikagaganda ng bayan ng Bongabon, gaya ng mga sumusunod:



***Onion Hanger Storage Type***- Lusok, Palomaria, Rizal, Vega, Calaanan, Santor, at Tugatog



***Mini-Gym*** **-** Lusok, E. Gotangco Elem., Ariendo, Cruz, Labi, De Lara Elem., R. Vijandre



***Brgy. Hall* at Day Care Center–** Curva, Commercial, Palomaria at Tulay na Bato




***Tricycle Shed***

# Mabuting Pamamahalang Lokal
## (Good Local Governance)



**>Pinakamaringal na Pamilihang Bayan, >**Best Implementor Ang Ating Bayan Ng OTOP (One Town One Product), **>AMBASSADOR FOR PEACE**, >First Prize Documented Streamlines Procedures on the Issuance of Mayors Permit LICENSING OFFICE, **>Municipal Assessor's Office 2009 REGIONAL TOP REALTY TAX PRODUCER AWARD**, >PASADA AWARD of Municipal Civil Registrar's Office

**Mabilis ang ating pagtugon sa mga reklamo sa mga opisyal at Kawani ng Pamahalaang Bayan at Barangay dahil sa…**



# Mabuting Pamamahalang Lokal
## (Good Local Governance)




**Nagtutulungan ang dalawang sangay (Ehekutibo at Lehislatura)**

**May gampanin ang bawat isa…**




# Sa Larangan ng Kaunlarang Pang-Inprastraktura
## (Physical/Infrastructure & Utilities Development)





Naitayo ang bagong gusaling pamahalaan at ***Pamilihang Bayan*** bilang simbolo ng bantayog ng kaunlaran ng bayan ng Bongabon.




Municipal Arc- 3rd placer in whole NUEVA ECIJA




***Bongabon Police Outpost***





***Rehabilitation and Concreting of Farm to Market Road –*** Lusok, San Roque, Macabaclay, Sampalucan, Tugatog, Santor, Antipolo, Hiniero, Vega, Tugatog, Kaingin, etc.





***Drainage Canal*** – Town Proper (Kaingin, San Roque, Rizal, Sisilang Commercial), Santor, at Vega

**Construction of Footbridge at Barangay Kaingin & Vega↓**



***↑Training Room & Senior Citizen Office***



***Construction of Multi Purpose Hall→***



# Sa Larangan ng Kaunlarang Pangkabuhayan
## (Economic Development)








Sa pakikipagtulungan ng iba't ibang institusyon gaya ng Nueva Ecija University of Science and Technology (NEUST), Nueva Ecija Medical Society, University of Sto. Tomas, DZRH, PJGMRMC, Good Samaritan Eye Center, Nueva Ecija Dental Society at iba pang organisasyon, naisasagawa ng Pamahalaang Lokal ang "Free Medical and Dental Mission" sa iba't ibang barangay sa bayan ng Bongabon.





Nag-organisa din ang Pamahalaang Bayan ng mga kababaihan sa bawat barangay bilang Barangay Health Worker bilang katuwang ng *Municipal Health Office* sa pagsasaayos ng programang pangkalusugan sa bawat barangay at sila ay isinasailalim sa mga pagsasanay gaya ng Kalusugan Pangkalahatan at ang Community Health Team training para sa maayos nilang pag ganap ng kanilang tungkulin sa kani-kanilang barangay.




Patuloy din nagbibigay serbisyo sa mamamayan ang mga ambulansya ng pamahalaang bayan sa paghahatid sa mga pasyente sa ospital na kinakailangan ng dagliang medikal na atensiyon at may mga malubhang karamdaman.

Katuwang din ng Pamahalaang Bayan ang Municipal Health at Social Welfare Development Office sa pagsasaayos at pamamahagi ng Phil Health Card sa mga kababayan sa iba't ibang Barangay, na kung saan umabot na sa mahigit 3,500 ang naging benepisyaryo ng programa ng Phil Health bilang tulong sa pagpapa-ospital ng mga kababayan may mga karamdaman.

# Mabuting Pamamahalang Lokal
## (Good Local Governance)

**Pakikipagtulungan sa iba't ibang Ahensya...**
















REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
BUREAU OF LOCAL GOVERNMENT FINANCE
DEPARTMENT OF FINANCE
8th Floor EDPC Building, Bangko Sentral ng Pilipinas Complex
Roxas Boulevard, Manila 1004 • Telefax Nos. 527-2780 / 527-2790

MEMORANDUM CIRCULAR NO. 01-M(54)-08
November 11, 2008

TO : The Regional Director of this Bureau for Region III, The Provincial Governor, the Members of the local *Sanggunian*, the Provincial and Municipal Treasurers, all of NUEVA ECIJA, and Others Concerned

SUBJECT : RE-CLASSIFICATION OF THE MUNICIPALITIES OF THE PROVINCE OF NUEVA ECIJA, EFFECTIVE JULY 29, 2008

By virtue of the provisions of Section 9, Executive Order No. 249, dated July 25, 1987, of the Office of the President, Malacañang, Manila, the Secretary of the Department of Finance is vested with the authority to review the income ranges of Local Government Units (LGUs) that serve as basis for their income classification, in order that it may continue to conform with prevailing economic conditions and the overall financial status of the local governments.

Accordingly, and upon proper consideration of the trends and patterns reflected in the Financial Statements of the LGUs for CYs 2004-2007, as certified to by the Commission on Audit, in light of the objectives and purposes of LGU income classification, the Department of Finance issued Department Order No. 23-08, dated July 29, 2008, prescribing the new income bracket scheme for LGUs, effective as of the date thereof, and in effect superseding for the purpose, Department Order No. 20-05, dated July 29, 2005.

Consequently, pursuant to Section 2 of the aforementioned Department Order No. 23-08, the classification of **MUNICIPALITIES** shall be based on the income brackets, as follows:

| CLASS | AVERAGE ANNUAL INCOME |
|---|---|
| FIRST | *₱ 55M or more* |
| SECOND | *₱ 45M or more but less than ₱ 55M* |
| THIRD | *₱ 35M or more but less than ₱ 45M* |
| FOURTH | *₱ 25M or more but less than ₱ 35M* |
| FIFTH | *₱ 15M or more but less than ₱ 25M* |
| SIXTH | *Below ₱ 15M* |


***Napataas natin ang Kategorya ng ating Bayan***

**Memorandum Circular No. 01-M(54)-08 Declaring the Bongabon, a *"Second Class Municipality"***

# Sa Larangan ng Kaunlarang Pangkabuhayan
## (Economic Development)

### Mga LIVELIHOOD TRAINING AT PROYEKTONG PANGKABUHAYANG NAISAKATUPARAN

- Original Magbabasket Of Nueva Ecija (OMNE) - Barangay Calaanan
- Tulong Panghanapbuhay Sa Ating Disadvantage Workers
- TUPAD PROGRAM Rehabilitation Of Canal
  (Brgys. Sinipit, Sisilang. Tulay Na Bato)
  - Ice Cream Making (DOLE Assisted Project)
  - Training On Baking
  - Food Processing
  - Mushroom Production
- PINAKA-Bongabon Training On Flower Arrangement
- Training On Building Wiring
- Training On Virgin Coconut Oil And Candle Making Senior Citizen
- Livelihood Training On Bead Working And Candle Making
- Livelihood Training On Garments (T-Shirt Making)
- Livelihood Training On Silk Screen Printing
- Livelihood Training On Soap And Liquid Dishwashing Making
- Piglet Dispersal
- Animal Health Assistance In Barangay
- Natural Swine And Organic Chicken Production
- Distribution Of Subsidized Seeds
- Establishment Of Techno Demo On Rice
- Distribution Of Biozome & Organic Fertilizer
- Farm Mechanization & Post Harvest Facility Program
  - MPDP with Special Roofing
  - Provision of Thresher
  - Flat Bed Dryer
- Distribution of Corn Seeds
- Provision of STW
- Dispersal of Tilapia Fingerlings
- Organized RIC, Meat Processing & Soap Making
- Pamamahagi ng CLOA ng Municipal Agrarian Reform Office
- Brgy. Food Terminal-Barangay Pesa and Vega (Regional & National Awardees)



Malacañan Palace

Ang Parangal ng Pangulo ay iginawad sa

Barangay Food Terminal Ng
Valiant Primary Multi-Purpose Cooperative, Inc.
Bongabon, Nueva Ecija
Rehiyon III

nahirang bilang

Natatanging Barangay Food Terminal
(Non-Local Government Unit Category)
2011-2012

Benigno S. Aquino III
Pangulo ng Republika ng Pilipinas



Pinarangalan din ang Bayan ng Bongabon ng ***Tanggapan ng Pangulo ng Pilipinas*** at Kagawaran ng Agrikultura sa pamamagitan ng Valiant Primary Multi-Purpose Cooperative Inc. bilang 2012 Gawad Saka Outstanding Food Terminal sa buong bansa.


# Sa Larangan ng Kaunlarang Pangkabuhayan
## (Economic Development)


Sa tatlong termino ng panunungkulan ni Mayor Amelia Gamilla ay binigyan prayoridad din niya ang kahalagahan ng kalusugan ng mamamayan ng Bongabon higit ang mga kapos palad na mga kababayan.

Katuwang ni Mayor Gamilla sa pagsusulong ng programang pangkalusugan ang Municipal Health Office (MHO) na kung saan nagsasagawa ng araw-araw na konsultasyon para sa mga kababayang may sakit sa *Municipal Health Center* sa loob ng munisipyo at gayon din ang pagkakaroon ng regular na *schedule* sa mga *Barangay Health Station* at dagdag pa dito ang mga isinasagawang *Medical Missions* ng Pamahalaang Bayan sa iba't ibang barangay.

Tinitiyak ni Mayor Gamilla at ng mga kawani ng *Municipal Health Office* na patuloy na naibibigay ang mga serbisyong medikal sa *health center* ng munisipyo, tulad ng libreng pagpapakonsulta, mga gamot, bitamina at bakuna para sa mga bata, paglilinis at pagbubunot ng ngipin, blood sugar testing, urinalysis, *TB Symptomatic Patient Screening*, *Sputum and Salt Testing*, *Complete Blood Count*, *Minor Surgical Care* at iba pang serbisyong medikal na ibinibigay ng tanggapan.

Nagsasagawa rin ng programa ang ating pamahalaan paa sa mga mag-asawa at mga buntis na kababaihan, tulad ng *Marriage Counseling*, *Maternal Health Care at Family Planning Services*.

Gayon din ang iba pang serbiyo na nagtitiyak sa kaayusan ng kapaligan, kaligtasan ng ating mamamayan sa pamamagitan ng pag-iissue ng Health Certificates at Sanitary Permits at ang pagbibigay ng medico-legal services at death certificates.

Para sa karagdagan at maaayos na serbisyong pangkalusugan, naisaayos at nakumpleto na rin ang malaria warehouse at clinical laboratory sa municipal health center.






Tinitiyak ni Mayor Gamilla na kahit ang pinakamalayong barangay o sitio sa bayan ng Bongabon ay naaabot ng serbisyong pangkalusugan ng Pamahaalang Bayan.



Sa tulong din ng Global Fund Malaria, nakapagpamahagi ang Pamahalaang Bayan ng Long Lasting Treated Bednets sa mga kababayan laban sa sakit na malaria at dengue.
Isinatupad din ng Pamahalaan Lokal ang kampanya ng Nasyunal na Pamahalaan na Door to Door Ligtas Tigdas sa mga barangay sa bayan ngBongabon at ang pagsasagawa ng Centella Spraying sa lahat ng paaralan at mga barangay bilang bahagi ng Dengue Control Program sa buong bayan.

*EDUKASYON PARA SA LAHAT…*




**SPECIAL PROGRAM FOR EMPLOYMENT OF STUDENTS (SPES)**




**Pagtatag ng LRED Team na naging pilot sa lalawigan at Rehiyon 3 para sa matatag na Ekonomya**






**LIKHA NG *CENTRAL LUZON EXHIBIT***
***Mega Trade Hall* 3, Megamall**

Sa Larangan ng Kaunlarang Panlipunan at Kultura
(Socio-Cultural Development)






Bilang pagsulong ng pantay na karapatan sa lipunan inorganisa ni Mayor Gamilla ang pagkakaroon ng Violence Against Women and their Children Desk sa bawat barangay at gayon din ang pagbuo ng Pinagkaisang Kababaihan ng Bongabon (PINAKA) at Bongabon Gays for the Empowerment of the Municipality (Bongabon GEM).



Bilang pagtugon sa programa ng pamahalaang nasyunal sa paghahanda laban sa sakuna, itinatag ng Pamahalaang Bayan ang Municipal Disaster Risk Reduction Management Council at Bongabon Emergency Service Team. (BEST)



# Sa Larangan ng Kaunlarang Pangkabuhayan
## (Economic Development)

Kinilala din ang Pamahalaang Bayan ng Bongabon sa pamamagitan ng Municipal Social Welfare and Development Office (MSWDO) bilang isa sa mahusay na tanggapan sa lalawigan pagdating sa kagalingang panlipunan, sa maaayos na pagbibigay serbisyo ng pamahalaang bayan sa mga kapos na kababayan, tulad ng *Cash for Work Program*, ang patuloy na *Feeding Program* para sa mga Day Care Children, pagbibigay suporta sa mga programa para sa mga *Senior Citizen*, *Persons with Disability (PWD)* at *Out of School Youth*, ang pamamahagi ng PhilHealth Card sa mahigit 3,300 kababayan at ang pagpapalawak ng Pantawid Pamilya Pilipino Programa (4Ps) ng pamahalaang nasyunal na aabot sa mahigit 2,800 benepisyaryo sa bayan ng Bongabon.




# Sa Larangan ng Kaunlarang Pangkabuhayan
## (Economic Development)


*Edukasyon para sa Lahat*





Taun-taon, mahigit 300 mag-aaral ang natutulungan ng Pamahalaang Bayan sa pamamagitan ng ***Scholarship Program*** na nagmula sa mahihirap na pamilya pero matatalinong mga bata na nag-aaral sa High School at College







Tinutugunan ang pangangailangan ng bawat paaralan Elementary man o Sekondarya.
Sa katunayan, sa panahon ng pamumuno ni Mayor Beth naitayo ang dalawa pang National High School (Vega at Macabaclay) na ngayon ay katulong ng Bongabon National High School sa paglinang ng talino ng bawat mamayan ng Bongabon.